

Paano Gumagana ang Pagkilala sa Lahat ng Nakasalamuha (Contact Tracing)?

Ang pagkilala sa lahat ng nakasalamuha (contact tracing) ay isang simple, kumpidensyal na proseso na ginagamit na ng mga kagawaran ng pampublikong kalusugan nang ilang dekada upang pabagalin ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit at maiwasan ang mga pagsiklab. Magagawa mo ang iyong bahagi sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang simpleng mga katanungan.

- Kung may tatawag sa yo mula sa Pampublikong Kalusugan, mahalagang sagutin ang tawag na ito. Lalabas ito sa iyong telepono bilang “LA PublicHealth” o 1-(833) 641-0305.
- Kung makatanggap ka ng isang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County at wala pang panayam sa pagkilala sa lahat ng nakasalamuha (contact tracing), dapat mong tawagan ang numero na nasa Utos sa loob ng 24 na oras.
- Ang Espesyalista ng Pampublikong Kalusugan ay kayang sagutin ang iyong mga tanong at magbigay sa iyo ng impormasyon tulad kung paano kumuha ng pagsusuri sa COVID-19, humanap ng doktor, o makakuha ng tulong habang ikaw ay nagkukulong (quarantine) o nakabukod.

Kung ikaw ay nasuring positibo sa COVID-19



Itatanong ng Pampublikong Kalusugan:

1. Tungkol sa mga lugar na pinuntahan mo.
2. Mga taong nakasama mo habang ikaw ay nakakahawa

- Ang mga sinabi mong tao sa Pampublikong Kalusugan ay kokontakin ngunit hindi sasabihin ang iyong pangalan, impormasyon ng kontak, o na may COVID-19 ka. Hindi sasabihin sa kanila ang anumang bagay tungkol sa iyo, tanging bagay lamang na sila ay nalantad sa COVID-19.

Upang matuto pa ng mas marami, tingnan ang *mga Tagubilin sa Pagbukod*

- I-scan ang QR code, o
- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidisolation.



Kung ikaw ay nakasalamuha ng taong may COVID-19



Itatanong ng Pampublikong Kalusugan:

1. Kung mayroon kang anumang mga sintomas ng COVID-19 o kung ikaw ay nasuri na.
2. Tungkol sa mga lugar na pinuntahan mo.

- Upang maiwasan na mapagkamalan ka para sa isa pang tao, mangyaring ibigay ang iyong kumpleto at tamang impormasyon.
- Maaaring tawagan ka ng Pampublikong Kalusugan nang higit sa isang beses upang ikaw ay kamustahin.
- Magbibigay sila sa iyo ng impormasyon batay sa iyong mga sagot.

Upang matuto pa ng mas marami, tingnan ang *Pagkukulong (Quarantine) at iba pang mga Tagubilin para sa mga Malapitang Nakasalamuha*

- I-scan ang QR code, o
- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidquarantine.

